

Proyekto sa Pagpapabuti ng 15th Ave S

MALAPIT NANG MAGSIMULA ANG PAGSASAAYOS NG MGA KALSADA AT MGA BANGKETA

Ngayong tag-araw, magiging abala ang mga manggagawa sa iyong lugar dahil sa pagtatrabaho para sa Proyekto sa Pagpapabuti ng 15th Ave S. Kukumpletuhin ng mga manggagawa ang trabahong ito nang mabilis, tahimik, at ligtas hangga't maaari. Maaaring magbago ang mga iskedyul ng konstruksiyon; bisitahin ang website ng proyekto para sa mga pinakabagong pagbabago: seattle.gov/transportation/15th-Ave-S-AAC.

Nakalagay sa mapa ang mga partikular na lokasyon ng konstruksiyon, at kabilang ang:

- **ITONG TAGSIBOL:** Gawain sa paagusan, mga pagpapabuti sa bangketa at gilid ng bangketa, at mga pag-aayos ng kalsada kung saan nagkakasalubong ang S Spokane St at S Columbian Way
- **MAGSISIMULA SA GITNA NG HUNYO:** Gawain sa paagusan, mga pagpapabuti sa bangketa at gilid ng bangketa, at mga pag-aayos ng kalsada sa kahabaan ng S Spokane St

Simula sa kanluran, pagtutuunan ng pansin ng mga manggagawa ang mga interseksiyon ng 15th Ave S, 16th Ave S, 17th Ave S, Alamo Pl S, at 18th Ave S.
- **KASING-AGA NG HULING BAHAGI NG HUNYO:** Paggiling ng semento sa kahabaan ng S Spokane St

Ang gawaing ito, na maghahanda sa ibabaw ng kalsada para sa pag-asfalto sa paglaon ng taong ito, ay magaganap sa panahon ng mga panggaging rilyebo nang hindi bababa sa isang linggo.
- **MAGSISIMULA SA HULING BAHAGI NG TAG-ARAW:** Demolisyon, kongkretong trabaho, at mga pag-upgrade ng paagusan ng bagyo sa S Spokane St at Beacon Ave S

Para mabawasan ang mga epekto sa daloy ng trapiko, kailangang isagawa ang ilang trabaho sa gabi at sa katapusan ng linggo.

ANO ANG DAPAT ASAHAN SA PANAHON NG KONSTRUKSIYON

Ang mga karaniwang oras ng trabaho ay mula 6 AM hanggang 6 PM, Lunes hanggang Biyernes, bagaman kakailanganin ang pagtatrabaho sa gabi o sa katapusan ng linggo. Kabilang sa mga epekto ng konstruksiyon ang:

- ▶ Mga pansamantalang pagsasara ng kalsada sa mga kalye sa gilid, na naglilimita sa pag-access sa S Spokane St
- ▶ Pagsasara ng mga pangunahing interseksiyon tuwing katapusan ng linggo
- ▶ Ingay at pagyanig (sa ilang mga sitwasyon, maaaring magbigay ang Lungsod ng Seattle ng Temporary Noise Variance o Pansamantalang Pagkaka-iba ng Ingay na magpapahintulot sa gawaing lumampas sa mga karaniwang limitasyon ng ingay)
- ▶ Alikabok at basura
- ▶ Pagsasara ng mga tawiran ng tao at bangketa, at mga alternatibong daanan para sa mga taong naglalakad at nagbibisikleta
- ▶ Pagsasara ng mga daanan at mga alternatibong daanan para sa mga nagmamaneho
- ▶ Paghahanda ng konstruksiyon at mga epekto sa paradahan na malapit sa mga lugar ng trabaho
- ▶ Pagsasama-sama ng hintuan ng bus o mga pansamantalang pagsasara
- ▶ Pagsasara ng mga daanan ng sasakyan (aabisuhan nang mas maaga ang mga residente)


PANGKALAHATANG IDEYA NG PROYECTO

Nagbibigay ang 15th Ave S sa pagitan ng S Spokane St at S Angeline St ng mahalagang koneksyon para sa mga taong naglalakbay sa at sa pamamagitan ng Beacon Hill. Gumagawa ang SDOT ng mga pagpapabuti sa koridor na nagbabalanse sa mga pangangailangan ng lahat ng gumagamit para ligtas at maginhawang makarating ang lahat kung saan kailangan nilang pumunta.

MANATILING KONEKTADO

Ang pag-sign up para sa mga abiso sa pamamagitan ng email at text ang pinakamabuting paraan para manatiling may kaalaman tungkol sa mga pagsasara, alternatibong daanan, at mga aktibidad sa trabaho:

Makikita sa aming website ang mga isinalin na impormasyon.



Have more questions? Interested in receiving project updates?

VISIT: seattle.gov/transportation/15th-Ave-S-AAC

EMAIL: 15thAveAAC@seattle.gov PHONE: (206) 775-8719



Seattle
Department of
Transportation

